Pangalan:_______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:________________ Petsa Nang Natapos:_____________ Marka:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagsisimula ng Digmaang Pilipino-Amerikano**

**PANUTO:** Isaayos ang mga salaysay tungkol sa digmaan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano ayon sa pagkasunud-sunod nito. Gamitin ang bilang **1** hanggang **10**. Isulat ito sa patlang.

______ Ang unang putok na ito sa panulukan ng Kalye Silencio at Sociego sa Sta. Mesa, Maynila ang nagsilbing hudyat sa pagsisimula ng Digmaang Pilipino at Amerikano.

______ Buong tapang at gilas na ipinagtanggol ito ni Heneral Antonio Luna, pinuno ng Hukbong Pilipino sa Kalookan, ngunit natalo ang kaniyang hukbo ng mga kalaban. Umurong sila at nagtungo sa Polo, Bulacan.

______ Dahil sa lakas at makabagong kagamitan ng mga Amerikano ay sunod-sunod na nabihag ang iba't ibang lugar sa paligid ng Maynila tulad ng Marikina, Pateros, Guadalupe (bahagi ng Makati ngayon), at Kalookan.

______ Kahit bumagsak na ang Malolos, naging matibay pa rin ang loob ng mga Pilipino na ipagpatuloy ang pakikipaglaban sa mga Amerikano.

______ Matapos nito ay muling lumusob ang hukbo ni Heneral Antonio Luna at nakapasok sa Maynila hanggang marating nila ang Daang Azcarraga (ngayon ay Claro M. Recto), ngunit sila ay muling natalo ng mga sundalong Amerikano.

______ May utos noon si Gobernador-heneral Elwell Otis bilang pinakamataas na pinuno ng Amerikanong pamahalaang militar sa Pilipinas noong panahong iyon; ito ay huwag magpapaputok kung hindi lalaban ang mga Pilipino.

______ Sinalakay ng mga Amerikano ang Guiguinto, Bulacan at pagkatapos ay nagpatuloy sila sa Malolos, Bulacan, ang kabisera ng Unang Republika ng Pilipinas. Doon ay nabihag nila ang Malolos noong Marso 31, 1899.

______ Sinigawan niya ang Pilipinong sundalo na si Anastacio Felix ng *"halt,"* na ang ibig sabihin ay huminto, ngunit hindi ito naintindihan at hindi tumigil ang naturang sundalong Pilipino, kaya't binaril niya ito at pagkatapos ay binaril din ang kasama nito.

______ Umaga ng Pebrero 5, 1899 sa La Loma (sakop ngayon ng Lungsod Quezon), napasok ng mga Amerikano ang Maypajo, Kalookan.

______ Umurong si Heneral Emilio Aguinaldo at inilipat ang kabisera ng Unang Republika sa San Isidro, Nueva Ecija.